

Marso 5, 2026

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services
(Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) tungkol sa:*

Mga Kinakailangan at Pagsasaalang-alang sa POS ng Sentrong Pangrehiyon

D-2026-Pamamahala ng Kaso-001

Ano ang Dapat Malaman

Ang pagbili ng serbisyo (POS) ay nalilikha kapag ang isang sentrong pangrehiyon ay nagbabayad sa isang tagapagbigay ng serbisyo (tinatawag ding vendor) upang maghatid ng serbisyo sa isang kliyente ng sentrong pangrehiyon. Bahagi ng trabaho ng isang sentrong pangrehiyon ay ang tulungan ang mga indibidwal at pamilya na pumili kung anong mga serbisyo at suporta ang kailangan ng isang tao.

Sinasabi ng direktiba na ito sa mga sentrong pangrehiyon kung anong mga batas sa California Welfare and Institutions Code ang kailangan nilang sundin kapag nagpapasya sila ng mga serbisyong bibilhin para sa isang indibidwal.

Sinasabi rin ng direktiba na ito sa mga sentrong pangrehiyon kung ano ang dapat nilang isipin kapag nagpapasyang bumili ng serbisyo.

May mga katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa direktiba na ito ay dapat magtanong sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo. Ang mga sentrong pangrehiyon na may mga katanungan ay dapat mag-email sa Sangay ng Operasyon sa Komunidad ng Kagawaran sa cob@dds.ca.gov.

Matuto nang Higit Pa

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Welfare & Kodigo ng mga Institusyon 4646.4](#).